ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LIV Blg. 14
Hulyo 21, 2023
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Pamamayagpag ng militar ng US sa ilalim ng papet na rehimeng Marcos

Sa harap ng pamamayagpag ng ilanlibong mga tropang Amerikano, dala ang kanilang dambuhalang mga barko de gera, eroplanong pandigma, mga kanyon at samutsaring sandata, tumitingkad lalo ang kawalan ng tunay na kasarinlan ng Pilipinas at mababang pagtrato sa bansa bilang malaking base militar ng US.

Habang nasa Pilipinas, tumatamasa ang mga sundalong Amerikano ng mga karapatang ekstrateritoryal at espesyal na pribilehiyo, kadalasa'y higit pa sa karaniwang mga Pilipino. Ibinigay ito sa kanila sa ilalim ng Visiting Forces Agreement (VFA) at ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA), mga tagibang na kasunduang pabor sa US.

Sa ilalim ng EDCA, binigyan ang US ng malalawak na "pinagkasunduang lokasyon" sa loob ng mga kampo militar ng AFP, para gamiting ekslusibong pasilidad at base militar. Ginagamit ito ng US na daungan, paliparan, imbakan ng krudo, tirahan ng mga tauhan, imbakan ng mga sandata, sasakyan at iba pang kagamitang pandigma. Ipinagagamit ang lupaing ito sa US "nang walang upa o katulad na kabayaran."



May absolutong kontrol ang militar ng US sa mga lokasyong ito hanggang ang mga ito ay "hindi na kailangan ng United States," nangangahulugang kahit hanggang kailan nito gusto at kailangang gamitin ang mga lokasyong ito. Walang soberanya o awtoridad ang Pilipinas sa mga base militar at pasilidad ng US. Hindi ito pwedeng pasukin o inspeksyunin liban na lamang sa mga paraang aprubado (o sinang-ayunan) ng US.

Pinagkakalooban din ang US ng karapatang gumamit anumang oras ng pampublikong lupain at pasilidad tulad ng mga daanan, daungan at paliparan, laluna kung naglilipat-lipat o nagpapakat sila ng mga kagamitan. Taliwas sa mga batas ng Pilipinas, ibinigay din sa US ang karapatan na magtatag ng sariling sistema ng telekomunikasyon at gamitin ang "lahat ng kinakailangang *spectrum* sa radyo" na walang bayad, isang karapatan na wala ang karaniwang mga Pilipino. Dagdag pa, sa ilalim ng EDCA, binigyang pribilehiyo ang US na gumamit ng tubig, kuryente at iba pang yutilidad na katumbas ang singil sa gubyerno ng Pilipinas, na mas mababa sa bayarin ng karaniwang Pilipino.

Hindi inoobliga ng kasunduan ang US na magbayad para sa kahit anong pagkawasak sa kalikasan na maaaring idulot ng pagtatapon ng nakalalason o delikadong mga materyal. Maaalala na noong katapusan ng 1992, iniwan ng US ang Clark Air Base at Subic Naval Base nang hindi nilinis ang kanilang mga basura na lumason sa mga bukal at tubig dagat at mga lamang-dagat.

Habang nasa Pilipinas, ang mga sundalong Amerikano ay tumatamasa ng espesyal na katayuang ligal. Liban kung hihingin, hindi sila saklaw ng mga batas kriminal o sibil ng Pilipinas sa panahong nakatigil sila sa bansa. Sa nagdaang 25 taon, ang mga sundalong Amerikano na nasangkot sa mga kasong kriminal (pagpatay, panggagahasa, pambubugbog, pamamaril at iba pa) ay hindi hinuli, inasunto o pinaharap sa korte, bagkus ay mabilis na pinatatalilis. Kahit sa dalawang tampok na kaso ng Subic Rape Case at pagpatay kay Jennifer Laude, ang mga sundalong Amerikano na napatunayang may sala ay pinalusot at pinauwi sa US.

Ngayong 2023, hindi bababa sa 500 *war games*—mga ehersisyong militar na paghahanda sa digmaan—ang isasagawa ng US sa Pilipinas.

Ibig sabihin, araw-araw sa buong taon, may mga sundalong Amerikano sa Pilipinas para mang-udyok at manulsol ng gera. Kabilang dito ang ehersisyong Balikatan noong Abril, na pinakamalaki sa kasaysayan, kung saan dinumog ng 12,600 tropang Amerikano ang hilagang bahagi ng Luzon para magpakitang-gilas sa China. Kabi-kabila ang pagpapalipad ng mga *jet fighter* at helikopter ng US, paglalayag sa mga karagatan, pati na ang pagpapalipad ng mga misayl at paghuhulog ng bomba na gumagambala sa kapayapaan at sumisira sa kalikasan. Ginagamit ang mga "magkasanib na ehersisyo" para tiyaking makokontrol nito ang Armed Forces of the Philippines (AFP) (tinatawag ng US na "interoperability") sakaling sumiklab ang gera. Itinutulak ang "modernisasyon" ng AFP para bumili ng ilampung bilyong pisong sarplas, gamit o pinaglumaang mga sandata ng US.

Habang nangyuyurak at naghahari-harian sa lupa, himpapawid at karagatan, ang malaking presensya ng mga sundalong Amerikano ay pinalalabas na tanda ng "balot-sabakal na pagkakaibigan" ng US at Pilipinas. Malaking kabalintunaan ang sinasabing nasa Pilipinas ang US para ipagtanggol sa higanteng China. Ang totoo, sariling interes ang ipinagtatanggol ng US, katulad na sariling interes rin ang dahilang sinaklot at sinakop ang Pilipinas nang kalahating siglo, at ginawang malakolonya simula 1946 na pinagharian ng mga sunud-sunurang burukrata.

Ang presensya ng US sa Pilipinas ay bahagi ng estratehiya nito na palibutan ang karibal nitong imperyalistang China at pigilan ang lalong paglago ng kapangyarihan nito sa militar at ekonomya. Tuluy-tuloy na pinalalaki ng US ang pwersang militar nito sa East Asia, Southeast Asia hanggang sa Pacific islands, maging sa India, habang inuudyok at iniipit ang mga alyadong militar (kabilang ang Japan, Australia, hanggang sa United Kingdom) nito na sumanib sa mga operasyong nabal sa South China Sea sa tabing ng "freedom of navigation." Para sa US at sa estratehiyang heopulitikal at pangmilitar, ang Pilipinas ay isang mahalagang himpilan dahil sa lapit nito sa China. Para naman sa China, ang presensya ng mga pwersang militar ng US sa Pilipinas ay tinitingnan na banta sa kanyang seguridad at tiyak na magiging target ng armadong pagatake oras na gamitin ng US na lunsaran ng gera laban sa China.

Ang pagbibigay daan sa papalaking presensya sa Pilipinas ay ginamit ng gubyernong Biden ng US na kundisyon para sa pagpapalaki ng pautang, pamumuhunan pati na ayudang militar na desperadong hiningi ng rehimeng Marcos sa dalawang ulit na pagbisita sa US. Kapalit ng tahasang pagsusuko ng teritoryo sa US at pagpahintulot na gamitin ang bansa bilang base militar at lunsaran ng gera ng US, sabay-sabay na inaprubahan ng World Bank nitong Hunyo ang apat na pakete ng pautang na umaabot sa $1.14 bilyon, upang punuan ang labis na kakulangan sa badyet ng rehimeng Marcos. Ginagamit ngayon ang mga pautang para itulak ang mga patakaran sa ekonomya para ibayong palawakin ang interes ng dayuhang mga kapitalista at mga kasosyong burgesyang komprador at panginoong maylupa, sa kapinsalaan ng kabuhayan ng masang anakpawis at mga karaniwang Pilipino.

Sa ilalim ng papet na rehimeng Marcos, lalupang lumulubha ang katayuan ng Pilipinas bilang bansang malakolonya ng US na walang tunay na kalayaan. Ang kontrol at dominasyon ng US sa Pilipinas sa mahigit nang 125 taon ang pinakaugat kung bakit ang bansa ay subsob sa krisis, atrasado, agraryo, hindi industriyalisado at hindi nakatatayo sa sariling paa. Lalong mahigpit ngayong ginagamit ng US ang dominasyon nito sa pulitika, ekonomya, militar at kultura upang isulong ang interes nito sa Pilipinas at sa buong rehiyon ng Asia.

Dapat ipaglaban ng mamamayang Pilipino ang pagbabasura sa EDCA, sa VFA, sa Mutual Defense Treaty at lahat ng iba pang hindi patas na kasunduang militar sa US. Walang tunay na soberanya ang Pilipinas hangga't kinukubabawan ito ng kapangyarihang militar ng US. Dapat makibaka ang sambayanan upang palayain ang Pilipinas mula sa kontrol ng US at paunlarin ang nagsasariling kakayahan ng bansa na ipagtanggol ang sarili. Matatamo lamang ito kung ang Pilipinas ay mayroong tunay na kasarinlang pang-ekonomya at pampulitika at ganap na pambansang kalayaan. AB

ANG Bayan

Tomo LIV Blg. 14 | Hulyo 21, 2023

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Pamamayagpag ng militar ng US sa ilalim ng papet na rehimeng Marcos 1
Operasyong haras at demolisyon ng BHB 3
Presyo ng langis, muling tumaas 3
Tusong pagsabatas sa MIF, binatikos 3
Mga protesta 3
*Jeepney phaseout*, patuloy na itinutulak 4
Tatlo, iligal na inaresto 5
Demolisyon sa Valenzuela, Cavite, tinutulan 5
6, arbitraryong itinalagang "terorista" 5
Pilipinas, suki ng kriminal na Elbit System 6
501st IBde, salot sa Cagayan 7
Sa madaling salita 8
Ekspansyon ng pagmimina sa Masbate 9
US, nagpadala ng *cluster bombs* sa Ukraine 10
Jollibee, barat at abusado sa manggagawa 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

## Operasyong haras at demolisyon, inilunsad ng BHB

MAGKAKASUNOD NA OPERASYONG harasment at demolisyon ang inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa nakaraang dalawang linggo.

Sa Barangay Das-agan, San Francisco, Agusan del Sur noong Hunyo 27, pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang nag-ooperasyong tropa ng 41st Division Reconnaissance Company bandang alas-4:30 ng hapon. Isang sundalo ang napatay sa naturang operasyon.

Napalayas naman ng BHB-Sorsogon ang mga sundalong tatlong linggo nang nagkakampo sa *evacuation center* at kapilya ng Barangay Calpi, Bulan, Sorsogon nang paputukan nito ang mga sundalo noong Hulyo 6 bandang 8:30 ng gabi. Sa takot ay nagsitakbuhan ang mga sundalo at nagsisukob sa kalapit na kabahayan. Ginawa nilang pananggalang ang mga sibilyan at walang habas na nagpaputok sa kung saan-saang direksyon. Nasundan ang operasyong haras na ito ng pagpapasabog ng isa pang yunit ng BHB sa bakod ng kampo ng 22nd IB sa Barangay Calmayon, Juban noong Hulyo 10.

Isang elemento naman ng CAFGU ang napatay nang paputukan ng BHB-North Central Mindanao sa Barangay Lawaan, Gingoog City, Misamis Oriental noong Hulyo 7. Nakumpiska sa kanya ang isang .45 kalibreng baril.

## Presyo ng langis, muling tumaas

NAGPROTESTA ANG MGA tsuper noong Hulyo 17, isang linggo bago ang State of the National Address ni Ferdinand Marcos Jr, para kundenahin ang isa na namang serye ng pagtaas ng presyo ng langis. Naganap ang pagtaas sa gitna ng "rebranding" o pagpapanibagong imahe ng rehimen sa ilalim ng islogang "Bagong Pilipinas."

Simula Hulyo 18, mas mataas na nang ₱2.10 kada litro ang *diesel*, ₱1.90 ang gasolina at ₱1.80 ang kerosin. Sa dalas ng mga pagtaas, animo'y pangkaraniwan na lamang ang pagsirit nito. Umaabot na sa halos ₱60 kada litro ang presyo ng gasolina at *diesel* sa Metro Manila, mas mataas nang halos ₱20 kumpara sa presyo ng mga ito sa katapusan ng 2021. Dahil dito, hindi ramdam ng mga tsuper ang sinasabing alwan ng kakarampot na *fuel subsidy* na ipinatupad ng reaksyunaryong estado.

Samantala, tiba-tiba sa kita ang mga monopolyong kumpanya ng langis. Tumabo ng ₱6.7 bilyong kita ang Petron noong 2022, mula sa ₱6.1 bilyon noong 2021. Tumaas din ang kita ng Shell tungong ₱4.1 bilyon noong 2022, mula sa ₱3.9 bilyon noong 2021. Nakapagbukas naman ng 28 bagong gasolinahan ang Caltex sa buong bansa noong nakaraang taon.

## Tusong pagsabatas sa Maharlika Bill, binatikos

NAGTUNGO SA MENDIOLA sa harap ng Malacañang ang mga grupo ng kabataan para kundenahin si Ferdinand Marcos Jr sa kanyang tusong pagpirma sa panukalang magbubuo ng Maharlika Investment Fund noong Hulyo 18. Nagsagawa ng hiwalay na protesta ang mga magsasaka sa Quezon City.

Walang isinapublikong kopya ang Malacañang sa pinal na bersyon ng panukala, na ilang linggo pang "inayos" matapos ipinasa ito sa Senado at Kongreso. Hindi ipinaalam maging sa ilang mga kongresista kung ano ang pinal na nilalaman nito.

Isa sa mga kontrobersyal na probisyon ng panukala ang paggamit ng pondong pensyon ng milyun-milyong manggagawa at kawani na nakalagak sa GSIS at SSS. Bagamat tahasan itong ipinagbabawal ng bersyon na ipinasa ng Senado, maaari pa ring maglagak ng pondo ang dalawang institusyon sa MIF sa hinaharap.

Sinabi rin ni Marcos na hindi uupo sa pamunuan ng itatayong Maharlika Investment Corporation (MIC) na mamamahala sa pondo ang ilan niyang mga upisyal. Gayunpaman, naibalita ng mga mamamahayag na tatayong *chairperson* ng MIC ang kalihim sa pinansya.


Naghahanda ang Bayan Muna at alyansang Tama Na (Taumbayan Ayaw sa Maharlika Fund Network Alliance) na maghain ng petisyon sa Korte Suprema para pigilan ang batas at sagipin ang bilyun-bilyong pondo ng bayan mula sa korapsyon at abuso.

**Itigil ang pambobomba.** Nagprotesta sa harap ng Camp Aguinaldo sa Quezon City noong Hulyo 17 ang mga grupo ng karapatang-tao, magsasaka at pambansang minorya para kundenahin at ipatigil ang pamboboma mula sa ere sa kanilang mga komunidad. Ang gayong mga pambobomba ay bahagi ng militarisasyon sa kanayunan na nagpapalala sa kalagayan ng mga magsasaka at katutubo.

**Napipintong tanggalan, nilabanan sa RITM.** Nagprotesta noong Hulyo 18 ang mga manggagawang pangkalusugan ng Research Institute for Tropical Medicine (RITM) para igiit ang dagdagsahod, pagbibigay ng mga naantalang alawans at para ipahayag ang pagtutol sa planong pag-*abolish* sa institusyon. Anila, magdudulot ng malawakang tanggalan ang planong ito, na inilulusot sa tabing ng pagtatayo ng Philippine Center for Disease Prevention and Control.

**Itigil ang pagkakaso ng terorismo!** Nagtipon noong Hulyo 6 sa Sumulong Park sa Antipolo, Rizal ang mga grupo ng karapatang-tao at estudyante sa Southern Tagalog para kundenahin ang pagsasampa ng AFP at 59th IB ng gawa-gawang mga kaso ng terorismo na isinampa laban sa apat na aktibista sa rehiyon. Bago nito, nagprotesta rin ang naturang mga grupo sa harap ng DoJ sa Maynila.

# *Jeepney phaseout*, patuloy na isinasagasa ni Marcos



Hindi "ipinagpaliban", bagkus ay lalo pang iniratsada ng gubyernong Marcos ang pakanang *jeepney phaseout*. Sa kabila ito ng pahayag ni Marcos Jr na rerepasuhin ang programa, na binitawan niya matapos ang welga sa transportasyon noong Mayo. Wala ring nangyari sa pangako niyang kokonsultahin ang mga drayber at opereytor, at sa halip, tinarget sila ng panggigipit ng pulis.

Sa aktwal, tuluy-tuloy ang pagmamaniobra ng rehimen para mapadali ang pagpapatalsik sa mga tradisyunal na dyip sa daan. Sa mga prubinsya, itinatago ito sa iba't ibang katawagan.

Ang planong *jeepney phaseout* ay tulak ng mga dayuhang kapitalista at lokal na malalaking negosyante na balak magtambak sa bansa ng mga "electric vehicle" (EV) o sasakyang pinatatakbo ng kuryente (imbes na gasolina) na iniimbak sa baterya. Ginagamit ng mga ito, kasabwat ang reaksyunaryong estado, ang tabing na "maka-kalikasan" at "pag-apula sa climate change" para bigyan-katwiran ang pagpatay sa kabuhayan ng maliliit na drayber at opereytor.

Kabilang ang pinakamalalaking burgesyang komprador sa "modernisasyon" tulad ng pamilyang Aboitiz na naglabas ng mga COMET bus, si Ramon Ang (San Miguel Corporation) na magbubukas ng EV *battery plant* sa Dinagat Islands na nagkakahalagang $500 milyon, at Ayala na nakisosyo sa Kia Motors para sa pagbebenta ng mga imported na sasakyang dekuryente.

Pinirmahan ni Marcos ang Executive Order 12 noong Enero upang bigyan ng "tax break" o tanggalan ng buwis ang importasyon ng mga EV. Ang mga sasakyang ito ang ipampapalit sa tradisyunal na mga dyip dahil "mas malinis" diumano ang mga ito. Sinusugan ang kautusang ito sa National EV Roadmap na binalangkas at ipinatutupad na ng Department of Energy. Sa ilalim nito, mas malaya at mas maluwag nang makapagbebenta ang mga dayuhang tagapagmanupaktura ng EV sa bansa.

Kasabwat ni Marcos ang mga imperyalistang bansa at bangko katulad ng World Bank (pinopondohan pangunahin ng US) at Asian Development Bank (pinopondohan pangunahin ng Japan) sa pagpapatupad ng huwad na programa ng modernisasyon ng transportasyon. Ang imperyalismong US ang pangunahing nagtutulak ng programang ito sa paggugumiit nitong makakuha ng malaking bahagi sa pandaigdigang merkado ng sasakyang dekuryente, kaakibat ng papalaking pamumuhunan nito sa produksyon ng "malinis" na enerhiya. Noong Mayo, inanunsyo ng US na maglalagak ng $5 milyong pondo para sa pagmimina ng mga mineral na kailangan sa paggawa ng sasakyang dekuryente at iba pang kagamitan.

Huwad sa kaibuturan ang pagiging "maka-kalikasan" ng rehimeng Marcos at mga kasosyo nitong dayuhan at lokal na negosyante na kabilang sa pangunahing umaambag sa pagwasak sa kalikasan. Habang namumuhunan sa diumano'y "malinis na enerhiya," ang Aboitiz at San Miguel ay nagpapatakbo rin ng pinakamalalaking planta ng "maruming enerhiya" na sanhi ng 54% ng lahat ng *carbon emissions* ng bansa.

**Pagpapatalsik sa mga dyip sa kalsada**

Mula't sapul, tutol ang mga tsuper at opereytor sa *jeepney phaseout* dahil imamasaker nito ang kanilang kabuhayan sa pamamagitan ng "konsolidasyon" ng mga prangkisa at pagmomonopolyo ng mga negosyante sa mga ruta ng dyip at iba pang pampublikong sasakyan. Sa ibang lugar, nakatago ito sa mga iskemang Local Public Transport Route Plan (LPTRP) at Bus Rapid Transit (BRT).

Sa Davao City, bwelado na ang BRT sa tulak ng Asian Development Bank. Inianunsyo ng ADB noong Hunyo 29 ang $1 bilyong pautang para sa pagpapatupad ng Davao Public Transport Modernization Project. Kundisyon nito ang pag-aangkat ng 1,100 bus mula sa Japan na papalit sa mga tradisyunal na dyip sa kalsada ng syudad. Itinakda rin ng ADB ang pagbawas sa ruta mula 120 tungong 30. Bahagi rin ng planong binuo ng ADB ang pagtatayo ng 1,000 *bus stop* na pangunahing patatakbuhin ng mga korporasyon na mangongontrata sa mga tsuper.

Hindi bababa sa 7,000 drayber sa Davao City na mawawalan ng hanapbuhay. Walang pupuntahan ang halos 6,000 drayber dahil mahigit 1,000 lamang na bus ang patatakbuhin sa ilalim ng proyekto. Mawawalan din ng prangkisa ang maliliit na opereytor dahil wala silang kakayahang bumuo ng mga kooperatiba o bumili ng mamamahaling modernong bus.

## Tatlo, iligal na inaresto

Tatlong inidbidwal ang inaresto ng mga pwersa ng estado sa gawa-gawang mga kaso noong Hulyo 12 sa Quezon at Romblon. Samantala, naitala naman sa Negros at Leyte ang panggigipit sa samahan ng mga magsasaka at lokal na midya sa nagdaang linggo.

Dalawang aktibista ang inaresto ng 85th IB sa kasong *illegal possession of firearms and explosives* noong Hulyo 12 habang nagsasagawa ng pagsisiyasat sa komunidad sa Atimonan, Quezon. Inaresto sina Miguela Peniero, isang manggagawang pangkalusugan, at kabataang boluntir na si Rowena Dasig sa Purok Banaba, Barangay Caridad Ibaba.

Nasa komunidad ang dalawa para imbestigahan ang epekto ng pinaplanong itayo na *cycle gas turbine power project* at *liquefied natural gas terminal plant* sa naturang lugar. Ang proyekto na itatayo ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E), subsidyaryo ng Meralco PowerGen Corp, ay pinangangambahang magkakaroon ng matinding epekto sa mga magkokopra at mangingisda sa bayan ng Atimonan.

Inaresto naman noong Hulyo 12 si Fabert Reyes sa Barangay Poblacion, Sibuyan Island sa Romblon sa patung-patong na 19 kaso ng *libel*. Si Reyes ay masugid na tumututol sa pagmimina sa Sibuyan Island.

**Pandarahas.** Iniulat ng National Union of Journalists of the Philippines ang panghaharas ng mga pulis sa tatlong mamamahayag sa Barangay Jones, Pastrana, Leyte noong Hulyo 14. Nag-uulat sina Lito Bagunas, Noel Sianosa at Ted Tomas kaugnay sa isang kaso ng pangangamkam ng lupa sa lugar nang palayasin sila ng pulis na si Rhea Mae Baleos. Habang nagaganap ang pagpapalayas, nakarinig ang tatlo ng mga putok ng baril.

Sa Negros Occidental, anim na asosasyon ng mga magsasaka, manggagawang bukid at mangingisda sa apat na barangay sa bayan ng Cauayan ang nag-ulat na sila'y tinatakot at ginigipit ng mga sundalo ng 15th IB at 47th IB simula Hulyo 10. Pinatatawag ng mga sundalo ang mga lider at kasapi ng mga asosasyon para sa isang "pulong."

Ang mga asosasyon ay nakabase sa mga barangay ng Toyum, Caliling, Man-uling at Guiljungan. Nagbabahay-bahay at iniinteroga ng mga sundalo ang mga residente laluna ang mga lider ng mga asosasyon.

**Pananakit.** Magkakasunod na kaso ng pambubugbog ang naitala sa Barangay Budlasan, Canlaon City, Negros Oriental noong Hulyo 6. Pinaratangan sila ng 62nd IB na may kaugnayan sa hukbong bayan.

Binugbog ng mga sundalo sina Edward Sandot, Budok Sandot, Christopher Sandot, Joselito Patulada at Roberto Francisco na residente ng magkakaibang sityo sa naturang barangay.

### Demolisyon sa Valenzuela at Cavite, tinutulan

DALAWANG OPERASYONG DEMOLISYON ang nilabanan ng mga komunidad ng maralita nitong buwan.

Sa Barangay Veinte Reales sa Valenzuela, ipinagtanggol ng mga residente ng Block 6 ang kanilang barikada noong Hulyo 12 laban sa marahas na demolisyon ng pinagsanib na pwersa ng PNP at lokal na gubyerno ng Valenzuela sa mahigit-kumulang 400 kabahayan sa lugar. Sugatan ang ilang residente at kanilang mga tagasuporta sa sagupaan.

Iligal at walang anumang dokumentong bitbit ang *demolition team* na gumiba sa kanilang mga bahay. Ayon sa mga residente, nakabimbin pa ang pagdinig upang imbestigahan ang batayan ng pagpapaalis sa kanila sa lugar kung saan 25 taon na silang naninirahan. Sa buong panahong ito, nanatiling bingi ang lokal na gubyerno ng Valenzuela sa kanilang hiling na ayusin ang kanilang sitwasyon. Walang nakahandang relokasyon para sa mga nademolis at hanggang ₱9,000 lamang ang kanilang matatanggap na kumpensasyon kung aalis sila sa lugar.

Samantala, nagsagawa ng *protest-vigil* ang 700 residente ng Viva Homes Subdivision sa Dasmariñas City, Cavite noong Hulyo 16. Nanganganib silang mapalayas dahil sa alitan ng tatlong kontraktor ng naturang subdibisyon.

### 6, arbitraryong tinaguriang "terorista"

NAGPROTESTA NOONG HULYO 11 sa Commission on Human Rights ang iba't ibang organisasyon upang kundenahin ang arbitraryong pagtaguring ng Anti-Terrorism Council (ATC) sa anim na indibidwal bilang mga "terorista" sa ilalim ng Anti-Terrorism Law (ATL). Iginiit nilang ibasura na ang mapaniil na batas.


Ang anim ay sina Windel Bolinget, Sarah Abellon-Alikes, Jen Awingan, at Steve Tauli, lahat mga lider ng Cordillera People's Alliance, at sina Jovencio Tangbawan at May Vargas-Casilao. Isinapubliko ang designasyon noong Hulyo 10.

Kabilang sa nakilalang "Northern Luzon 7" ang apat na lider na ipinawalang sala noong Mayo laban sa gawa-gawang kasong rebelyon na isinampa sa kanila noong Enero.

Sa kautusan ng ATC, inatasan ang Anti-Money Laundering Council na imbestigahan at i-*freeze* ang salapi at mga ari-arian ng mga inakusahan. Ang anim ay dagdag sa 61 naunang tinaguriang "teroristang indibidwal" sa ilalim ng ATL.

# Pilipinas, suki ng kriminal na kumpanyang Elbit System

Bilyun-bilyong pisong pera ng sambayanang Pilipino ang nakopo ng Elbit Systems, isang kumpanyang Israeli, na isa sa pangunahing suplayer ng armas para sa diumano'y "modernisasyon" ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Pinakahuli dito ang dalawang lumang ATR 72-600, mga eroplanong komersyal na kukumpunihin para magamit sa mga operasyong sarbeylans at kombat. Nagkakahalaga ang kontrata para rito ng $114 milyon o ₱3.135 bilyon kada isang eroplano.




Ang Elbit ang pinakamalaking kumpanyang Israeli na tuwirang sangkot sa henosidyo sa mamamayang Palestinian at itinuturing na kriminal sa digma. Mula pa 2007, ang kumpanyang ito ay nasa listahan ng Boycott, Divestment, and Sanctions (BDS) *movement*, isang kilusang pinangunahan ng mamamayang Palestino na suportado ng maraming grupo sa mundo. Panawagan ng kilusang ito ang iboykot, iatras ang pamumuhunan at patawan ng parusa ang mga kumpanyang Israeli na sangkot sa iligal na okupasyon ng Israel sa mga teritoryo ng Palestine, at pagpapanatili sa pader na West Bank na nagkukulong sa mga Palestino sa tinaguriang "pinakamalaking kulungan" sa mundo.

Ang Israel ang pangunahing katuwang at kasosyo ng US sa Middle East. Ito ang tumatanggap ng pinakamalaking ayudang militar ng US sa buong mundo, labag sa resolusyon ng United Nations Security Council noong 1982 na nanawagan para sa komprehensibong embargong militar laban sa bansa. Mahigpit na magkaugnay ang mga industriyang militar ng dalawang bansa.

Konsistent sa pagiging tutang hukbo ng US, "suki" ang AFP ng mga luma at kinumpuning armas ng Elbit. Kalakhan sa mga kontrata ay iginawad noong panahon rehimeng Duterte ay ipinagpapatuloy ng kasalukuyang rehimeng Marcos.

Kabilang sa sumusunod ang mga gamit-militar na binili o pinakumpuni ng AFP sa Elbit:

• tangkeng Sabrah na bubuuin bilang 1st Tank Battalion Armor Division na ibabase sa Tarlac. Nagkakahalaga ang kontrata para sa mga ito ng ₱9.4 bilyon. Ang mga tangke ay gawa ng General Dynamics Land Systems, isang kumpanyang Amerikano.

• tangkeng M125A2 na dumating noong Disyembre 2021. Ilan sa mga ito ay idineploy sa 76th IB sa Barangay San Luis, Mamburao, Occidental Mindoro; sa 3rd ID para gamititin ng militar sa Central at Western Visayas; at sa 4th Mechanized IB sa Pantao Ragat, Lanao del Norte.

• Merkava IV-based *armored bridgelayer* na nagkakahalaga ng $27.7 milyon na naideliber noong Hulyo 2022. Ang Merkava *bridgelayer* ay mga tangkeng gawa ng Leonardo DRS, isang pribadong kontraktor ng militar ng US, na kinumpuni ng Elbit.

• Autonomous Truck Mounted howitzer System (ATMOS) na nagkakahalaga ng $47 milyon o ₱215.41 milyon kada isa. Nakadeploy ang mga ito sa Fort Magsaysay sa Nueva Ecija, Maguindanao, at 3rd ID sa Western Visayas. Binuo at sinanay ng AFP ang 10th Field Artillery Battalion noong 2022 para mag-opereyt ng mga ito.

• M-17 hinihilang howitser na nagkakahalaga ng ₱410.85 milyon at idineploy sa iba't ibang batalyon kabilang sa 7th Field Artillery Battalion sa Butuan City.

• THOR at iba pang *drone* o *unmanned aerial vehicle* (UAV) at mga istasyon nito sa lupa na nagkakahalaga ng $163 milyon (₱8.965 bilyon).

• mga UAV na nagkakahalaga ng $175 milyon. Binubuo ito ng siyam na Hermes 900 at apat na Hermes 450 na nasimulang paliparin sa bansa noong Agosto 2019

• kontrata para sa pagkabit ng *remote controlled weapons system* sa 100 M-113 *armored personnel carriers*. Ang mga APC na ito, na binigay ng US noong 2014, ang ginamit sa pagsalakay ng AFP sa Marawi City noong 2017.

Liban sa mga ito, sangkot ang Elbit sa pagtatayo ng Armor Maintenance Depot ng Philippine Army sa Camp O'Donnell sa Barangay Santa Lucia sa Capas, Tarlac. Dito ilalagak ang mga kinumpuni ng Elbit na *armor* at *mechanized* na sasakyan ng AFP. Noong Abril, pinalayas ng "installation battalion" ng militar ang daan-daang magsasaka at residente ng Barangay Santa Lucia at Barangay Lawy para bigyan-daan ang ekspansyon ng kampo militar na ito. AB

# 501st IBde, salot sa mamamayan ng Cagayan

Pinasinungalingan kamakailan ng National Democratic Front (NDF)-Cagayan ang pinalalabas ng 501st IBde na mga "tagumpay" laban sa rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon sa unang hati ng 2023. Anito, malawak na kapahamakan sa mamamayan ang dala ng ipinagmamalaking mga tropeyo ng brigada. Ang mga ito'y nakamit sa pamamagitan ng dahas, paggamit ng kamay na bakal at paghahasik ng takot at ligalig sa masang magsasaka at minorya sa kanayunan.

Pinakahuli sa matitinding paglabag sa karapatang-tao ng brigada ang pangunguna nito sa *focus military operation* mula Pebrero hanggang Mayo ngayong taon. Sa kumpas ng 5th ID at Task Force Tala, dinumog nito ang East Cagayan gamit ang 2,000 pinagsanib na pwersang militar, paramilitar at pulis.

Layunin ng operasyon ang "ubusin" ang "natitirang Pulang mandirigma" sa prubinsya sa unang hati ng taon. Bahagi ito ng di maabot-abot na target ng bulok na estado na pabagsakin ang rebolusyonaryong kilusan, gayundin bilang suportang panseguridad sa Balikatan 2023, ang pinakamalaking *war game* na inilunsad noong unang kwarto ng taon. Bahagi din ito ng estratehiya para gawing lunsaran ng gera ng US ang Northeast Luzon at tuluyang isubo ang bansa sa pinaghahandaan nitong gera laban sa China. Dobleng kapahamakan ang tiyak na matatamo ng mamamayan sa Cagayan na posibleng unang tatanggap sa ganting atake ng China.

Pangunahing ibinuhos ang pwersang militar sa bayan ng Baggao kung saan may militanteng pagkilos ang masa laban sa usura, gayundin sa mga laylayan ng Northeast Cagayan kung saan itatayo ang sinasabing *radar base* ng US sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Ginamit ang mga batalyon ng 501st IBde sa paghahasik ng lagim sa mga bayan ng Lal-lo, Buguey, Sta. Teresita, Gonzaga at Sta. Ana.

Sa loob ng tatlong buwan, hindi bababa sa 30 bomba, *rocket* at kanyon ang pinakawalan malapit sa mga komunidad at sakahan. Nagresulta ito sa pagkawasak sa kabuhayan ng mga mamamayan at takot lalo na sa mga bata at matatanda na hindi na nakatutulog dulot ng troma.

Sa panahon ding ito idineklara ng 501st IBde at Provincial Task Force-Elcac sa Cagayan ang "pagsurender" ng 21 personahe at diumano'y pagsuko nila ng mga armas. Pinasubalian ito ng NDF-Cagayan at sinabing sa 21 na "sumurender", lima ang deklaradong nadakip, lima ang *recycled* o taon nang wala sa hukbo pero paulit-ulit pa ring ipinaparada. Ang iba pa ay tinugis kahit hindi na sila bahagi ng armadong sigalot at sa gayon ay dapat nang ituring na mga sibilyan sa ilalim ng internasyunal na makataong batas. Mayorya sa kanila ay dumanas ng pambabanta at panggigipit, habang ang iba ay tahasang niloko, para pwersahing "sumurender" kahit hindi na sila bahagi ng hukbong bayan.

Noong Abril 2022, sadyang pinatay ng mga elemento ng brigada sina Saturnino Agunoy (Ka Peping) at dalawang medik na sina Augusto Gayagas (Ka Val) at Mark Canta (Ka Uno) sa kahabaan ng kalsada ng Piat, Cagayan. Di armado at wala sa katayuang lumaban ang tatlo, laluna ang dalawang senior citizen na sina Agunoy at Gayagas.

**Saan galing ang 501st IBde?**

Ipinakat ang muling-tatag na 501st IBde sa prubinsya ng Cagayan at katabing Apayao noong Oktubre 2020 matapos ang anim na buwang pagsasanay. Ayon mismo sa 5th ID, ang dibisyong kinabibilangan ng brigada, pangunahing layunin ng muling pagpapagana sa brigada ang "makipag-ugnayan sa mga lokal na gubyero at ahensya sa dalawang prubinsya na kaugnayan ng National Task Force-Elcac at pagwawakas sa insurhensya." Ang hedkwarters ng brigada ay nasa bayan ng Lal-lo sa Cagayan, isa sa inangkin ng US bilang "lokasyong EDCA."

Nasa ilalim ng kontrol ng brigada ang 17th IB at 77th IB, mga batalyong nagsilbing pwersang pangkombat sa Mindanao. Kasalukuyan itong pinamumunuan ni BGen. Ferdinand Melchor C. dela Cruz bilang kumander. Itinalaga si dela Cruz sa pwesto noong Pebrero 23 at noong Hulyo 3 ay tumanggap ng promosyon kasama ang 15 iba pang heneral. Si dela Cruz ay bahagi ng Philippine Military Academy Tanglaw-Diwa Class of 1992 at dati nang nagsilbi sa 5th ID bilang upisyal paniktik nito. AB



# ₱187 MILYON

ang winaldas ng Department of Tourism para sa maanomalyang kampanyang **"Love the Philippines"** na gumamit ng libreng mga bidyo mula sa internet na hindi kuha sa Pilipinas.

# 17.1 MILYON


Pilipino ang nagtatrabaho ng "part-time" noong Mayo, mas marami nang 1.4 milyon kumpara noong nakaraang taon.

# ₱233.7 milyon

dagdag na ginastos ni **Sara Duterte** bilang bise-presidente noong 2022, kung saan **₱125 milyon** ay **"confidential funds."** Mas mataas ito nang 32% sa inilaan na badyet para sa kanya.

# ₱7.8 MILYON

halaga ng isang sasakyan na maanomalyang binili ng **Philippine Coast Guard** para sa kumander nito. Dagdag pa ang **31 sasakya**n na nagkakahalaga ng **₱1.9 milyon** kada isa para sa iba nitong upisyal.



# 152%


itinaas ng bilang ng mga *cybercrime* mula Enero hanggang Hunyo ngayong taon, kumpara sa parehong panahon noong 2022.

**Patunay ito na palpak ang anti-pribasiya at mapaniil na SIM Card Registration Law.**

# 70%


**ang ibinagsak ng kita ng mga mangingisda sa Scarborough Shoal mula pa sa panahon ng rehimeng Duterte**

dahil sa kainutilan nitong pigilan ang pagdami ng mga barkong Chinese sa lugar at igiit ang *arbitral ruling* na teritoryo ito ng Pilipinas.



# 1.105 milyong litro

o 40% ng malinis na tubig mula sa **Angat Dam** ang nasasayang araw-araw dahil sa mga tagas sa mga tubo ng Maynilad Water Services, Inc.



# 5+ MILYON

**Bikolano ang umaasa sa tubig sa balon at 187,673 ang walang akses sa malinis na tubig.**

Dagdag silang mahihirapan sa paparating na panahon ng El Niño.

# Ekspansyon ng mapaminsalang pagmimina sa Masbate




Muling ibinubwelo ng Filminera Resources Corporation (FRC) ang ekspansyon ng mga operasyong pagmimina nito sa bulubunduking bahagi sa mga bayan ng Milagros, Uson at Mobo sa Masbate. Sasaklawin ng kumpanya ang naturang mga bayan matapos dambungin ang ginto at wasakin ng Masbate Gold Project nito ang kalikasan sa bayan ng Aroroy.

Kaakibat ng ekspansyon ang pinatinding operasyong militar at pagpapakat ng mga armadong pwersa para gwardyahan ang kumpanya at mga pasilidad nito. Hindi bababa sa 900 armadong pwersa (300 SCAA, 300 pribadong pwersa ng FRC at 300 Blue Guard) ang nagsisilbing gwardya ng kumpanya.

Kamakailan lamang, naitala ang mga kaso ng pag-atake sa mga tumututol sa FRC. Kabilang dito ang bigong pagpaslang noong Mayo kay Rodolfo Igot, lider sa Barangay Barag, Mobo, at pagpatay sa magsasakang si Randy Mahinay noong Hunyo sa Milagros.

**Dayuhang pandarambong**

Ang kumpanyang FRC, na may pinakamalaking operasyong pagmimina ng ginto sa bansa, ay 40% pag-aari ng kumpanyang Canadian na B2Gold at 60% pag-aari ng kumpanyang Pilipino na Zoom Mineral Holdings Inc. Katuwang ng kumpanya ang Philippine Gold Processing & Refining Corporation (PGPRC) na nagpoproseso ng *gold ore* (batong may ginto), na buung-buong pag-aari ng B2Gold.

Nag-umpisa ang operasyon ng kumpanya sa Aroroy noong 1997 nang bigyan ito ng 25-taong permit. Pinalawak ng FRC ang pagmimina sa Aroroy noong 2007 ng dagdag na 4,988 ektarya at binuksan ang PGPRC. Noong 2010, nagdagdag ito ng 584 pang ektarya. Muli itong binigyan ng permit noong Nobyembre 2022 para minahin ang dagdag pang 290 ektaryang lupa.

Sa halos dalawang dekadang operasyon nito sa Aroroy, hinakot ng Filminera ang higit 63 tonelada ng *gold ore* at kumita nang humigit-kumulang ₱130 bilyong piso. Sa unang kwarto ng 2023, nakapagbenta ang kumpanya ng 29,650 onse (*ounce*) ng ginto sa abereyds na halagang $1,922 o ₱105,710 (sa palitang ₱55=$1) kada onse. Tinatayang ₱3.1 bilyon ang kabuuang kita ng kumpanya sa panahong ito.

Inaasahan naman ng B2Gold na makapagpuproseso ito ngayong taon ng 7.8 milyong tonelada ng batong ginto sa Masbate, kung saan aabot sa 170,000-190,000 onse ng ginto ang makukuha. Sa kabuuan, umabot sa $286.72 milyon ang netong kita ng B2Gold noong 2022 mula sa kabuuang produksyon ng ginto na 1.03 milyong onse sa mga operasyon nito sa pitong bansa.

**Perwisyo ng pagmimina**

Labis-labis ang perwisyong idinulot ng Filminera sa halos dalawang dekadang operasyon nito sa Aroroy. Kabilang dito ang pagwasak sa kalikasan, paglason sa mga katubigan at ilog, pagkasira ng mga imprastrukturang sibil dulot ng malalakas na pagsabog sa minahan, pagguho ng lupa, pagpapalayas sa mga residente at magsasaka at militarisasyon at mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao.

Tampok sa mga kasong ito ang pagkabutas noong 2013 ng tubo na dinadaluyan ng may lason at kemikal na maruming tubig ng kumpanya. Tumagas ito sa Barangay Panique at umalingasaw ang amoy ng *cyanide*, isang masangsang at nakamamatay na lason. Naitala rin ng mga residente ang pagkamatay dulot ng lason ng kanilang alagang mga hayop na nakapastol malapit sa ilog.

Dahil sa mga ito, kabi-kabilang oposisyon at paglaban ang isinagawa ng mamamayan ng Aroroy. Noong 2016, ipinag-utos ng Department of Environment and Natural Resources ang pansamantalang suspensyon sa operasyon ng kumpanya dahil sa kakulangan sa kinakailangang mga permit.

Nasilip din sa panahong ito ang hindi maayos na isinumiteng ulat-teknikal ng kumpanya sa Mines and Geosciences Bureau (MGB) at bigong pagbabayad ng higit ₱1 milyon sa *mine waste fee*, liban pa sa ibang mga paglabag. Nagsampa din ng petisyon para sa Writ of Kalikasan ang isang grupong pangkalikasan at ilang mga personahe sa Court of Appeals noong 2017 para ipahinto ang operasyon ng kumpanya.

Samantala noong Agosto 2020, matapos ang isang malakas na lindol sa Masbate, nagpasa ng resolusyon ang Sangguniang Panlalawigan na nanawagan sa MGB na kagyat na ipahinto ang operasyon ng FRC. Nangamba ang lokal na gubyerno na baka magdulot ng malawakang pagtagas ng tubig na may nakalalasong kemikal ang kumpanya na makaapekto sa 40,000 residente.

Sa kabila ng mga perwisyong dulot ng Masbate Gold Project, patuloy itong tinataguyod ng reaksyunaryong gubyerno. Binigyan pa ito ng Presidential Mineral Industry Environmental Award noong 2020. Nakikipag-ugnayan ang mga ahensya at lokal ng gubyerno, at mga institusyon ng pulis at militar para pabanguhin ang kumpanya sa tabing ng mga programang "corporate social responsibility" nito. AB

# US, nagpadala ng ipinagbabawal na *cluster bombs* sa Ukraine

Hindi bababa sa 11 bansa ang nagpahayag ng pagkabahala sa hakbang ng US na gumamit ng *cluster bomb* sa gerang *proxy* nito sa Ukraine laban sa Russia. Kabilang sa mga ito ang Laos at Cambodia, at kaalyado ng US na mga bansa tulad ng Belgium, Canada, Germany, Italy, Norway, Spain, at United Kingdom. Ipinadala sa Ukraine ang mga *cluster bomb* dahil nauubusan na ng bala ang hukbo nito sa ginagawang "kontra-opensiba" laban sa Russia.

Labag sa internasyunal na makataong batas ang paggamit ng mga *cluster bomb* dahil isa itong klase ng armas na walang pagtatangi at mapaminsala sa mga sibilyan. Ang isang *cluster bomb* ay bomba na naglalaman ng maraming mas maliliit na bomba o *bomblet*. Pinapakawalan ito mula sa lupa o eroplano at sumasabog sa ere. Nagpapakawala ng puu-puo o daan-daang bomblet na bumabagsak sa malawak na erya.

Hindi lahat ng mga *bomblet* ay sumasabog paglapat sa lupa at sa halip ay nababaon at sumasabog kapag nasagi o naapakan ninuman. Ayon sa mga pag-aaral, hanggang 40% ng nilalamang *bomblet* ng mga *cluster bomb* ang hindi kaagad sumasabog. Ito ang karanasan ng mga bansa na ginamitan ng mga *cluster bomb*, tulad ng Laos, na binagsakan ng US ng mahigit 20 milyong tonelada ng *cluster munitions* noong dekada 1970 at kung saan 30% ng mga *bomblet* ang di sumabog. Tinatayang 20,000 sibilyan, kalahati ay mga bata, ang namatay o nasugatan sa nakabaong mga *bomblet* mula 1975.

Dahil sa pinsalang dala nito sa mga sibilyan, mahigit 120 bansa ang pumirma sa isang kasunduan noong 2008 para ipagbawal ang produksyon at paggamit ng mga *cluster bomb*. Bukod sa China at Russia, hindi rin kabilang sa mga pumirma ang US. Nananatili itong pinakamalaking kapangyarihang militar na nagmamanupaktura at gumagamit ng gayong mga armas hanggang sa kasalukuyan.

Mariing kinundena ng Partido Komunista ng Pilipinas, National Democratic Front of the Philippines, gayundin ng ibang mga demokratiko at maka-kapayapaang organisasyon sa bansa, ang pagpapadala at paggamit ng *cluster bomb* ng US sa Ukraine. Magpapatagal at magpapaigting ito sa gerang *proxy* sa kapinsalaan ng mga sibilyan.

Tulad ng inaasahan, tahimik sa usaping ito ng papet na Armed Forces of the Philippines. Kabalintunaan ito sa kanilang walang batayang pagrereklamo laban sa paggamit ng *command-detonated explosive* ng Bagong Hukbong Bayan, na hindi ipinagbabawal sa Anti-Personnel Mine Ban Convention o Ottawa Treaty. AB

# Jollibee, barat at abusado sa mga manggagawa

Nagprotesta ang sinisanteng mga manggagawa ng Jollibee Food Corporation sa restawran nito sa Journal Square sa Jersey City, New Jersey, sa US noong Hulyo 6. Tinanggal sila sa trabaho matapos humiling ng $3 na dagdag-sahod at maayos na kalagayan sa paggawa. Bahagi ang kanilang pagkilos ng kampanyang "Justice For Jollibee Workers.

Iginiit ng mga manggagawa ang kagyat na pagbabalik sa kanila sa trabaho, pagbibigay ng sahod sa mga araw na tinanggal sila at paghingi ng kumpanya ng paumanhin sa pang-aabuso nito.

Binatikos nila ang pang-aabuso sa kapangyarihan ng manedyer ng restawran at di makatarungang pagsisante sa kanila. Dalawang linggo matapos ang pagtatanggal, nag-empleyo na rin ang Jollibee Journal Square ng mga pamalit na manggagawa.

Dapat nang ihinto ng Jollibee ang panloloko nito at bigyan ng dignidad ang mga manggagawa, anila.

Isiniwalat ng kampanyang Justice for Jollibee Workers na parehong dinaranas ng mga manggagawa ng Jollibee sa Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo. Tumatanggap sila ng mababang sahod, habang labis-labis na pinagtatrabaho at inaabuso. Lagi't laging kulang ang bilang ng mga manggagawa sa dami ng mga trabaho sa restawran. Ginagawa ito sa kabila ng napakalaking kinikita ng Jollibee Foods Corporation taun-taon.

Noong 2022, nakapagtala ng netong kita ang kumpanya, na pag-aari ni Tony Tan Caktiong, ng ₱7.56 bilyon. Mas mataas ito nang 19.4% kumpara sa netong kita ng kumpanya bago magpandemya. Si Caktiong ay ika-7 sa 10 pinakamayayamang Pilipino sa bansa. Liban sa Jollibee, pag-aari rin ng kumpanya ang Mang Inasal, Chowking, Coffee Bean and Tea Leaf at Smashburger. Mayroon itong 6,480 iba't ibang klaseng restawran sa buong mundo. Balak nitong magdagdag ng hanggang 600 pang restawran ngayong taon, mas marami sa 542 na binuksan nito noong 2022.

Ang Jollibee ay kabilang sa nangungunang 20 kumpanyang nag-eempleyo ng mga kontraktwal na manggagawa. Mayroon itong 1,150 restawran sa Pilipinas at 234 sa labas ng bansa.

Sa kabila ng lehitimong kampanya ng mga manggagawa, walang-pakundangang tinanggal ng kumpanya ang 400 manggagawang nagkaisa para sa regularisasyon at tahasan pang binalewala ang walang-ngiping mga pahayag ng Department of Labor and Employment. AB